




Desaparesidos

Lualhati Bautista

Download now

Read Online ➔

Desaparesidos

Lualhati Bautista

Desaparesidos Lualhati Bautista

Akala natin ay nasabi nang lahat ang gustong sabihin ni Lualhati Bautista tungkol sa... Martial Law... sa kanyang *Dekada '70*. Pero narito ang *Desaparesidos*, at kalunos-lunos ang nilalaman ng bagong nobela tungkol sa paglasog ng mga kabuktutang militar sa pamilya ng mga rebolusyonaryong nasa kanayunan... Kahanga-hanga ang ipinamalas dito ni Bautista na kakayahang maigting na hagipin ang kamalayan ng mambabasa... ITo na marahil ang... katibayan na tunay na karapatan ng awtor na angkinin ang karangalan bilang pangunahing kontemporaryong nobelista ng ating panahon.

Ang tagumpay ni Bautista ay mahirap ihanap ng katapat sa mga akda ng mga kapanahon niya...

Desaparesidos Details

Date : Published 2012 by Cacho Publishing House, Inc. (first published 2006)

ISBN : 9789711902285

Author : Lualhati Bautista

Format : Newsprint 226 pages

Genre : Historical, Historical Fiction, Classics

 [Download Desaparesidos ...pdf](#)

 [Read Online Desaparesidos ...pdf](#)

Download and Read Free Online Desaparesidos Lualhati Bautista

From Reader Review Desaparesidos for online ebook

Monique says

Ang galing. Di ko talaga alam pano nagagawa ni Lualhati na buhayin ng ganito ang mga karakter sa libro niya. Sa tingin ko mas naka relate ako sa libro na 'to kaysa sa Dekada '70 kasi mas malalim ang paglalahad ng emosyon ng pagiging anak dito. Ang galing lang kasi nahuhuli ko paminsan ang sarili ko'ng naluluha sa ibang mga eksena kasi masyado ko 'tong dinadamdam tapos matatawa nalang ako. Ang husay din ng daloy ng kwento at ng pagbibigay ni Lualhati ng indibidwal na pananaw ang lahat ng naging biktima ng rehimeng Marcos na kapaniniwala. Kung tinatanong mo kung ano kaya ang posibleng nangyari sa mga direktang naapektohan ng rehimeng Marcos post Martial Law, sa tingin ko magugustuhan niyo ang libro na 'to. Sa tingin ko maganda ang balanse ng libro na 'to ng pagiging sentimental at pagiging objective na hindi dumadating na parang "preachy" o sinasabi na ganito dapat ang isipin mo tungkol sa Marcos martial law o sa administrasyong Aquino.

K.D. Absolutely says

In Spanish and Portuguese languages, the term "desaparecidos" refers to the "disappeared people" at the time of Operation Condor in the 1970s and 1980s. In Philippine context and in this novel, Bautista used this to refer to all the people who were negatively affected by Martial Law (1972-1981) during the former President Ferdinand Marcos (1917-1989) regime.

The story is about **Anna** who is a student-activist during the First Quarter Storm or the time prior to the imposition of Martial Law. Then when that repressive law is imposed, she joins the rebel forces under New People's Army, the armed branch of the Communist Party. During her stay with the rebel forces, she has to leave her 6-month old daughter, **Malaya** to a friend **Karla** who is in her last trimester of pregnancy. Karla's husband **Jinky** is also a member of the rebel forces and his weakness becomes the turning point in this brilliantly written brutal story.

This is my 4th read book written by Bautista. I first read her Palanca (our equivalent of Pulitzer) award-winning novels such as Dekada '70 (3 stars), Bata, Bata... Pa'no Ka Ginawa? (1 star) and Gapo (4 stars) because I thought that they were all better than this book that did not win that award. Wrong. This book is better than those three.

Desaparesidos is angrier than *Dekada '70*

Desaparesidos is more feminist than *Bata, Bata...*

Desaparesidos is better written than *Gapo*. Tauter, more direct to the point, more interesting twists and there are more memorable characters.

In short, if you want to try Lualhati Bautista, go for this book. However, this has lots of violence that makes this not for everyone. It is not for an easy feel-good read. However, this provides a good easy-to-understand summary of the political landscape in the 70's and 80's particularly in relation to the US-Marcos regime. Bautista cleverly inserted that summary in the book that provides the young readers a good grasp of the milieu of the novel.

At first, because I was taking the book lightly, I was bothered by too much violence and I thought that

Bautista was taking me for a ride. You know that feeling when all you're reading is about misfortunes, hardships and characters being tortured, killed, etc. I almost dropped the book. Until that chapter entitled *once upon a fairy tale, o ang pag-iibigang marcos-us* that showed how politically astute Bautista was. Her image here as a writer was the complete opposite of the impression that I got reading her trashy novel, *Bata*, *Bata...* with a protagonist who is always thinking of having sex *magpa-ano* with men regardless the man is her husband or not (translation: a sex maniac). In this book, all characters, females or males, are strong and fight for principles particularly those of the leftists. Most importantly, there are no sex maniacs here.

My only little complain is that some characters are not given enough time to develop particularly those of Malaya and Eman so they ended up like caricatures. Malaya, in particular, is more interesting than **Lorena** or **Lorrie** who appears like a brat and thus, irritating.

The moral of the story: the political activists claim that they fight for the country because they love the common people. However, in the process, they compromise and neglect their own family, e.g., their loved ones. This book presents a balanced view but when you finally close the book, that irony hangs and lingers in your mind.

Bravo, Mrs. Bautista! Well done.

Karlo Mikhail says

Cements Lualhati Bautista's place as THE martial law novelist. A must read.

Nicole Adrienne Tambis says

The emotions, the twist of events, the characters.. Sent me to tears..

Vincent Samaniego says

Kapag sinabing 'Dekada 70,unang pumapasok sa isip ko ang ang kalyehon ng edsa at ang edsa revolution at mga kalipunan ng mga mamayang galing sa sektor ng ibat-ibang lipunan,nag sama-sama upang ipag laban ang kani-kanilang karapatan at wakasan ang bulok na liderato ni Marcos,isa sa malagim ng yugto ng ating kasaysayan kung iisipin,pero sa nobelang ito mas naging masama ang ihip ng hangin.Wala sa syudad at kalye ng edsa naganap ang tunay na laban dahil sa mga tago at lib-lib na lugar na andoon nabuo ang mga taong nag tataas ng kuyom na kamao upang labanan ang namamayaning terorismo.Malagim ang unang yugto ng kwento hindo mo iisiping sa kalagitnaan mang yayari ang mga ganitong eksena ang "pahirap" at ang "abnormal na sistema" na sa hinula ko ay hindi gawa-gawa ni Bautista ang mga pang yayaring to dahil may basehan sya.

Nakabangon man sa bangungot ang mga karakter nina Ana at Roy parang "pag tungkab sa langib ng sugat" ang mga masasamang gunita,sariwa parin at nag durugo.Ang pag masaker ng militar sa pamilya ni Roy at ang pa upos ng pag asa ni Ana na makita ang kanyang si Malaya,sobrang nag latay sa kanilang pag katao ang mga panyayari hanggang sa kasalukuyang panahon bagay na sa tingin ni Lorie ay abnormal para sa kanya

kung iisipin. Nabuo man ang kanyang pamilya "desaparasido" parin ito para sa kanya, nawawala at hindi naka uwi sa kanilang mga sarili. Mabigat man sa kalooban ng mambabasa ang takbo ng kwento nabigyan naman ng konklusyon ang mga bagay-bagay sa kwento, inamin ang dapat aminin at nabigyang linaw ang bagay-bagay, medyo nabibilisan lang ako sa balangkas ng kwento sa dulo, ganon na lang ba tinanggap ng mga karakter ang "katotohanan" na parang walang nanyari sa kabila ng lahat, masabi lang na may positibong wakas?.

Ako bilang mambabasa hati ang pananaw ko matapos basahin ang nobelang ito. Oo ngat sila ay tapat sa bayan at taas noo ako (at kamao) sa kanilang pakikibaka para sa kasarinlan ng ating bayan, nag bago ang pakahulugan ng mga letrang "N.P.A" para sa akin, at kung hindi dahil sa pag susumikap o mas akmang sabihing pag-sasakripisyo ng mga taong ito hindi ganap na lalaya ang "inang bayan" (bagamat hindi parin tuluyang malaya ang ating inang bayan) pero ang "NPA o P.O" mga tao parin ito may puso sila. Ang tanong ko lang 'tunay nga ba silang tapat sa bayan gayong sa kanilang sarili ay hindi?. Paano mo maatim bilang isang magulang na hayaan ang anak mo na mag kagalis o ipaalaga sa ibang tao, sangalan ng pakikibaka para sa bayan?, may "positibo at negatibo[ng]" aspeto ang nobelang ito. Maganda ang layunin ng mga aktibista sa kwento ang "baguhin ang bulok na sistema", pero hindi lang nila nagampanan ang kanilang responsibilidad bilang magulang, bilang pamilya. sa isang banda naman (marahil) hindi parin tuluyang nawala ang malasakit sa kanilang pamilya, dahil kung iisipin sinusubukan nilang gamutin ang "abnormal na systema" para maging normal ulit, para pag kagising ng mga anak bukas ay maayos na ulit ito para sa kanila at sa susunod na henerasyon.

Tungkol naman sa kung papano isinulat ni Bautista ang nobelang ito, masasabi kong halos perpekto na sana. Kumpara sa unang tatlong nobela na nabasa ko ang 'Bata Bata, Dekada at Gapo kung saan gumagamit sya ng matatalinhangang salita upang ikubli ang marahas na salita, marahil para sa kapa kanan ng kanyang mga mambabasa, para hindi ma bagansya pero nag pa ka prangka sya ngayon sa kanyang panulat, napaka "bigat" ng mga salitang ginamit nya para isalarawan ang mga eksenang hindi makatao sukdulan kung iisipin pero nakadagdag ito sa katangian ng nobela at ang tanging suhestiyon ko lamang sa nobelang ito ay sa parteng dulo kung saan nalilinaw na ang mga bagay-bagay ang mga katotohang dapat malaman, maganda ang part nito pero nabibilisan lang ako sa takbo ng panyayari, dapat siguro nag dagdag ng mga kabanata, nag karoon ng kwento kung saan nahihirapang tanggapin ng mga karakter ang katotohanang nalaman, dahil mas yado atang mabilis para sa isang tao dumanas ng samutsaring pag kabigo. So ayos to nakumpleto kona ang mga akda ni Bautista na binasa ko noong nakaraang taon. sa grado may apat na bituin ito para sa akin at looking forward sa mga librong hindi ni Bautista na hindi kopa nababasa.

Alyn says

Binasa ko ang libro na hindi ko alam kung ano ang ibig sabihin ng title. Ni-research ko pa sa google...ang ibig sabihin pala nito ay 'people inside a movement, young people who lived the horror militarization during the martial law period'.

Ang setting ng librong ito ay dalawampung taon (20) matapos ang pagpataw ng martial law. Ito ay ang pagkukuento ng ilang myembro ng NPA na 'lumabas' ng kilusan at sa tulong ng mga Human Rights group ay binigyang linaw ang kanilang mga tiniis at sinabit sa kamay ng mga sundalo/military/PC noong panahon ng rehimeng Marcos. Ang librong ito ay mas sensitibo sa Dekada 70 at sobrang kontrobersiyal. Hindi ko lubos isipin na may mga ganon palang mga tao na kayang magpahirap ng ganoon... na kayang yumurak sa

dignidad ng kapwa nila Pilipino.

Ako ay hindi aktibista, hindi rin ako left-wing, mahilig lamang akong magbasa at bukas lang ang aking isipan sa lahat na intindihin ang kalagayan ng ating bansa at pag-aralan kung bakit tayo nasa ganitong sitwasyon. Si Lualhati Bautista ay isa sa mga magagaling na manunulat ng contemporary fiction ng ating panahon.

Sa kanyang salaysay, ipinaliwanag ni Bautista ang dahilan kung bakit tayo nakarating sa kalalagayan niya ngayon, kung kailan at bakit nagsimulang magka-utang ang ating bansa... Kahit wala kang masyadong alam sa Philippine history, matututo ka... ang comment ko lang (gaya ng Dekada 70) wala siyang nailagay man lang na reference o basehan ng kanyang salaysay. Kung ikaw ay karaniwang Pilipino at mababasa mo ang libro, magagalit ka sa mga dayuhan at mumurahin mo ang gobyerno... hindi mo nalalaman kung ang iyong nabasa ay totoo nga bang nagyari o pawang kuento-kuento lamang

Ayban Gabriyel says

#5 Libro ng Agosto

Agosto 23

Hindi ko alam kung papaano ko sasabihin ang naramdaman ko habang binabasa ko at matapos ko ang librong 'to. Grabe! Tangina! Ang bigat, hindi dahil masyadong malalim ang istorya o dahil masyadong malalalim ang salita nito kung hindi dahil totoo ang mga pangyayari sa nobela.

Hindi ko rin inaasahang magusgustuhan ko ang nobelang 'to. Akala ko magiging inperiyor ito sa iba pang likhang nobela ni Lualhati Bautista, pero maling-mali ang akala ko, dahil mas nagustuhan ko ito. Sa "Dekada '70" ikiwento ni Lualhati ang tungkol sa isang middle class na pamilya sa panahon ni Marcos, kung gaano kahirap maging ina at asawa lang sa pamilya nya. Ngayong naman pinasuk ni Lualhati ang mundong ginagalawan ng anak ni Amanda na si Jules sa loob ng kilusan.

Desaparesidos, pagnarinig ko ang salitang yan, sila Karen, Sheryl at Jonas ang mga una kong naalala. Dukot, ika nga. Pero malayo ang kahulugan ng Desaparesidos sa libro ni Lualhati sa isip ko. Ang nobelang ito ay tungkol sa isang ina na naghahanap ng sa kanyang anak at ang mga tao sa paligid nya na tulad rin niya ay naghahanap ng mga sagot sa mga katanungan at kapanatagan ng kanilang loob.

sabaw!

buuin ko na lang bukas, sabaw eh

Agosto 25

Ok, balik tayo, ayun na nga, kung sa Gapo dinala ka ni Lualhati sa Besa sa Olongapo, sa Dekado '70 namna ay pinakita nya sayo kung papaano maging ina lang sa isang middle class na pamilya, dito papaunawa at ipapakita nya sayo ang mga nangyayari sa loob ng kilusan. Sa totoo lang mas naging paborito ko itong libro kaysa sa Dekada '70, dahil dito kasi ko mas naunawaan at nakita ang mga pangyayari sa ating kasaysayan. Sa nobelang ito hindi mo makikitang naging baised sya sa dalawang panig, sa mga sundalo at rebelde. Sa

kalagitnaan ng nobela, mababasa mo ang love story ni Makoy at ng Amerika, at dito mo mas mauunawaan ang mga nangyari noon ng panahon ng regimeng Marcos. Tila naging history book na rin ito sa kabilang banda.

Ang istorya ay umiikot sa isang pamilya na naghahanap ng kasagutan sa mga tanung ng damdamin nila at paghilom ng mga sugat sa puso na natamo nila sa nakaraan. Ang paghahanap ni Anna sa kanyang anak, ang pagtanggap ni Roy sa kahinaan nya, at ang paghahanap ni Lorie ng kabuluhan sa buhay nya.

Ito ang paborito kong libro na likha ni Lualhati, bakit? Dahil dito mo makikita ang tatag ng isang tao sa kanyang paninindigan at prinsipyo. Kung papaano mo handang suungin ang lahat para lang sa pinaniniwalaan mong tama. Tinutukoy ko rito ang paniniwala at prinsipyo ng mga nasa kilusan at Kwento

Nung nasa high school ako, hangang-hanga talaga ako sa mga aktibista dahil pinapaglaban talaga nila ang mga paniniwala nila, lalo na noon dahil sumibol ang isip ko sa panahon na hindi maayos at gulo ang status quo, dahil kabila-kibalang kontrobersya ang nangyari sa mga nagdaang mga administrasyon. Ang sabi ko sa sarili ko noon, gusto kong maging tibak. Kasi para sa akin pinapaglaban nila ang sa tingin nila ay tama, at hindi lang literal yun ah. Hangang sa isang araw dumalo kami ng kapatid sa isang pagtitipon ng mga progresibong organisasyon (eto na, sa isip-isip ko, sasali na ako!) Naging miyembro ako ng LFS yung kapatid ko hindi, dahil miyembro na sya ng isa pang grupo sa pamantasan nila na kaalyado naman ng eleps, pero hindi ako naging aktibo, (pero ang kapatid ko, aktibo pa rin, ayun at tibak ngayon sa UPLB at nung nakaraan nag-bmi at ilang exposure sa kung saan na alam natin na ilang hakbang pa'y papunta na sa armadong pakikibaka, ayun lang ang kinakatakot ko, hindi naman ako tutol sa mga ganyan wag lang dadating sa ganun). Ako? dumadalo nalang ako pagkailangan nila ang voltors lalo na pageleksyon. katungkulan at paninindigan rin naman ng mga sundalo yung nga lang sa panahon na naghahari ang kalabisan dahil sa kapangyarihan, mahirap makita ang pinaglalaban ng mga sundalo at mga tagapagtanggol bayan. Pinagtatangol ng mga sundalo na huwag mapapunta sa kamay ng komunismo ang bansa habang ang mga tibak at rebelde, gustong baguhin ang sistema at pinagtatangol kanilang paniniwala at prinsipyo. Dito makikita mo na hindi lahat ng sundalo masama, makikita mo na hindi lahat nang nakapaloob sa nabubulok na sistema masama at hindi lahat ng pinagtatangol at ginagawa ng kilusan ay tama hindi lahat ng disisyon na ginawa ay may sapat na katwiran.

Pero gaya ng istorya sa kwento, lahat ng bagay may closure, habang tumatagal ka sa mundong ito mas lalo mong nauunawaan ang lahat. Ang pagnanahap ni Anna kay malaya ay paghahanap rin ni Anna ng katapusan sa open ended nyang katanungan, paghahanap ng kanyang kapanatagan, hindi madaling kalimutan ang nakaraan, ang sugat ay kailangan ng panahon para maghilom. Ang istorya ni Roy ay ang pagharap nya sa sarili niyang demonyo at kahinaan, mahirap harapin ang multo ng nakaraan pero minsan kailangan, hindi ka habang buhay kakakapag tago. At ang kay Lorie ang pagunawa at pagbibigay halaga nya sa mga tao sa paligid nya, hindi lahat ng bagay kailangan mong danasin para matutunan at maunawaan.

"Totoong mahal pa rin ang galunggong at wala pa ring makain ang mga nagtatanim ng bigas. At iyon mismo ang dahilan kaya patuloy ang pagtatanim ng mga pangarap... patuloy ang pagsulong ng mga adhikain. Pero hindi isang lipunan ng mga desaparesido ang nalikha ng lahat ng pakikipaglaban... kundi isang buong magiting na kasaysayan." -Roy

Mas lalo nitong pinagulo ang utak ko. hay nako.

O says

To whom it may concern:

Dahil masyado atang nauuso ung mga pro-Marcos post sa fesbuk at kung saan-saan, utang na loob, basahin nyo ito. Kahit sabihin nyo pang fiction 'to, based pa rin ito sa mga karanasan ng mga tao noong panahon ni Marcos.

Please, please, please, pleeeeeaaase. Kahit ito na lang kung ayaw nyo mag-research ng facts. Wag kayo magpadala sa kakarampot na details na nililista sa mga picture na nakikita nyo sa wall nyo. - _____ -

Love,
A very concerned and frustrated Pinoy

Polskie Martinez says

Dahil kasagsagan ngayon ng isyu ukol sa pagpataw ni President Rodrigo Duterte ng Martial Law sa Mindanao, mainam na basahin natin muli ang isa sa mga pinakamagandang progresibong akda mula kay Lualhati Bautista. Hinding-hindi natin makakalimutan ang lahat ng karumal-dumal na krimen (ang mga panggagahasa, pagpatay, paghuli ng walang ligal na rason, at iba pa) sa atin nuong administrasyon ni Marcos. Patuloy din tayong hihingi ng hustisya para sa mga libu-libong naging biktima ng Martial Law, at sa mga biktima ng hindi na muling nakita ng kanilang minamahal sa buhay. Agaran tayong tututol sa pagpataw ng Martial Law sa kahit ano mang sulok ng bansa dahil hinding-hindi ito magiging solusyon upang matapos ang terorismo. Dapat tayong maging kritikal sa ganitong klase ng panahon. Check your privilege, ika nga.

nica peculiar says

Ang Desaparesidos ay maaari kong ihanay na isa sa mga pinaka importanteng nobela sa ating kasaysayan sapagkat ipinapakita nito ang isa sa libo libong kwento ng mga taong biktima ng kalupitan ng rehimeng Marcos.

Mula sa istorya ni Anna noong panahon ng martial law hanggang sa istorya ng kaniyang nawawalang anak na si Malaya pagkaraan ng dalampu't isang taon, ipinapamulat ang mga pagpupunyagi sa paghahanap ng hustisya at paglilinis ng dignidad sa lahat ng imposebling paraan.

Sa gitna ng libro mahahanap ang kabanatang pinamagatang "once upon a fairy tale, o ang pag-iibigang marcos-us" na hindi man kasama sa istorya ng nobela ngunit itinatalkay ang kasaysayan ng marcos hanggang sa pag-upo ni cory aquino upang mabigyan ng karunungan ang mga mambabasa na ang nobela ay higit pa sa kaniyang pagka-piksyunal.

"Nguni't mga kamatayang hindi nagpasuko kundi lalong nagpaigting sa paninidigan na buhayin ang mga adhikain na kinamatayan ng mga bayani.

Mga adhikain na patuloy na magpupunla sa lupang dinilig ng dugo"

Sage says

Noong una'y nag-aalangan pa kong basahin ito dahil ayokong mabigo na magbasa ng istoryang walang sapat na pagtatapos o *closure*. Ang titulong desaperesidos ay nagbibigay-interes ngunit akala ko ay, tulad ng mga desaperesidos sa tunay na buhay, ay hindi rin mahahanap ang mga nawawalang tauhan sa istorya. Ngunit noong natapos ang libro ay parang gusto kong yakapin ang lahat ng tao sa jeep noon at isigaw na "Malaya nga! Malayang tunay!" ngunit buti nalang ay nahinahon ko ang sarili. Unang libro ko itong natapos na buong Filipinong lengguwahe ang ginamit. (Medyo nairita ako sa ilang Taglish na pangungusap, pero maliit na detalye lang naman yon)

Napakaganda ng pagsasalaysay. Sa paglagpas ng pagdurusa at malubhang sigalot tunay na maipapakita ang lubos na ginhawa at kaligayahan sa buhay. Sa napakaraming napagdaanan ng mga tauhan, ang maliit man lang na kasiyahan ay malaking bagay na. Ang simpleng sagot sa katanungan na sino, nasaan, o bakit: sapat na iyon para bigyang layunin ang lahat ng nakalipas.

4 stars!

Patricia Iris says

its good =)

Joanna says

Nakakagalit. Nakakapanglumo.

Victoria Dino says

There was violence that I need parental guidance.(just kidding) But it is true.It's more violent than the Hunger Games, more disturbing than 1984,in short,it'll leave readers traumatized,that it seemed like you were one of them the rebels against the Marcos regime.

Still,it's worth reading.

Maryam says

Hauntingly violent.

